Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATTTIKAN NG IKA-13 ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG IKA-10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-19 NG PEBRERO, 2021 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG DAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Gualberto V. Magno	- Tagapangulo
Kgg. Jerwin S. Dimapilis	
Kgg. Agustin L. Cusi	
Kgg. David D. De La Cruz	
Kgg. John John S. Yason	
Kgg. Robert S. Quiatchon	
Kgg. Lucille T. Bacay	
Kgg. Juan Rafael M. Talens	
Kgg. Ronel S. Sescar	
Kgg. Elmira May V. Tarac	- Pangulo, SKMF
Kgg. Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 394
Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO, KGG. IRENEO PEREZ CASTILLO.

SAPAGKAT, ang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKAT, si Kgg Ireneo Perez Castillo ay itinalaga bilang kagawad ng Sanggunlang Bayan pagkatapos ng People Power Revolution, EDSA I noong Abril 21, 1986 at nahalal bilang Kagawad ng Sangguniang Bayan simula noong Pebrero 1988 hanggang Hunyo 30, 1992;

SAPAGKAT, bilang isang kagawad ipinakita niya ang tapang at lakas ng loob sa pagsuporta at paglatanggol sa mga gawaing nagsasabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang kapakanan ng nakararaming mamamayan;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang panunungkulan, nagpamalas siya ng pagmamahal sa tungkulin, sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga mamumuyan at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay;

GUALBERTO V. MAGNO

FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKAT, sa kanyang mga kasabay sa gawain, sa kanyang komunidad at sa mga taong pinaglilingkuran, si "Neong" ay naging mabuting kasama, kaibigan at lingkod-bayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay nagpapaabot ng pakidramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang naging lingkod bayan, Kgg. Ireneo P. Castillo.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging kagawad ng bayang ito, G. Ireneo Perez Castillo ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro.

IPINASIYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Susan Castillo, sa ina at mga kapatid at mga kaanak lakip ang taospusong pakikiramay.

Pinagtibay: 19 Febrero 2021

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan

mcrv/02192021